	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2025-0011
	Title	Z BENEFITS PACKAGE FOR POST - KIDNEY TRANSPLANTATION SERVICES *IN* CHILDREN

Tanong	Sagot
1. Ano ang Z Benefits Package para sa Post-Kidney Transplantation Services sa mga bata?	Ito ay benepisyo para sa mga bata na walang pang 19 na taong gulang pababa na sumailalim sa operasyon sa pagpapalit ng bato o kidney transplantation (KT) dahil sa chronic kidney disease (CKD) stage 5. Layunin ng benepisyong ito na mabigyan ng komprehensibo at dekalidad na serbisyong medikal ang mga batang sumailalim sa kidney transplantation upang matugunan ang kanilang gamutan matapos ang operasyon upang maiwasan ang komplikasyon at mapababa ang posibilidad ng organ rejection o pagtanggi ng katawan sa inilipat na bato. Sakop ng benepisyong ito ang mga sumusunod na serbisyong medikal: a. immunosuppressive medications b. drug prophylaxis c. drug level monitoring d. laboratory tests e. renal graft biopsy f. diagnostic tests g. living donor monitoring h. infectious disease monitoring i. ancillary services
2. Sino ang maaaring makagamit ng benepisyo/pakete ng sa Z Benefits Package para sa Post-Kidney Transplantation Services sa mga bata?	Lahat ng Pilipino, kasama ang may dual citizenship na may edad labinwalong (18) taon at 364 na araw, na sumailalim sa operasyon sa pagpapalit ng bato o kidney transplantation dahil sa Chronic Kidney Disease Stage 5 (CKD 5) ay maaaring makagamit ng benepisyong ito. Kailangan na sila ay masuri at pumasa sa klinikal na pamantayan o criteria alinsunod sa polisiyang ito upang maging kwalipikado sa paggamit ng Z Benefits para sa post-kidney transplantation services sa mga bata.

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2025-0011
	Title	Z BENEFITS PACKAGE FOR POST - KIDNEY TRANSPLANTATION SERVICES *IN* CHILDREN

	Ang pre-authorization checklist at request form para sa KT recipients (Annex A.1) at para sa nga kidney living donors (Annex A.2) ang magsisiling batayan ng isang contracted health facility sa pag-enroll ng kwalipikadong pasyente bago paaprubahan sa PhilHealth. Maaaring makipag ugnayan sa mga contracted Z benefits provider sa pamamagitan ng kanilang mga itinalagang Z Benefits Coordinator para sa proseso at detalye.
3. Anu-ano ang mga serbisyo at magkano ang halaga ng mga benepisyo na nakapaloob sa Z Benefits package para sa post-KT services sa mga bata?	Ang mga sumusunod ay ang mga kaukulang serbisyo at halaga ng benepisyo sa pakete: 1. **Para sa mga Immunosuppresive Medications**

Serbisyo	Halaga (PHP)
a. Calcineurin inhibitor (CNI): ● Tacrolimus ● Cyclosporine	73,065 Kada 30 na araw ng preskripsyon (876,780 para sa initial na taon)
b. Anti- proliferative: ● Mycophenolic acid (mycophenolate sodium o mycophenolate mofetil) ● Azathioprine	41,150 Kada 30 na araw ng preskripsyon (493,800 para sa susunod na mga taon)
c. mTOR: ● Everolimus ● Sirolimus	
d. Corticosteroids: ● Prednisone	

• Prednisolone	

2. **Para sa Drug Prophylaxis**

Serbisyo	Halaga (PHP)
Valganciclovir	45,570 Kada 30 na araw ng preskripsyon (136,710 para sa 90 na araw)
1. Nystatin 2. Valacylovir 3. Isoniazid (INH) 4. Cotrimoxazole	4,100 Kada 30 na araw ng preskripsyon (49,200 para sa initial na taon)

3. **Para sa Drug Level Monitoring**

Serbisyo	Halaga (PHP)
Alin sa mga sumusunod: a. Tacrolimus (trough) o Cyclosporine (trough o C2 level) b. Everolimus (trough) o Sirolimus (trough) c. Mycophenolate AUC	3,100 kada availment (74,400 for the initial year) 3,100 Kada 3 buwan (12,400 para sa susunod na taon)

4. **Mga Laboratory Tests**

Serbisyo	Halaga (PHP)
a. Laboratory tests (initial year)	37,585 kada 3 buwan mula sa initial na taon (150,340 para sa initial na taon)

b. Laboratory tests (succeeding year)	14,078 kada 3 buwan ng mga susunod na taon (56,312 para sa susunod na mga taon)

5. **Renal Graft Biopsy**

Serbisyo	Halaga (PHP)
Renal Graft Biopsy	77,000 (Isang beses kada taon, kung kinakailangan)

6. **Mga Diagnostic Tests**

Serbisyo	Halaga (PHP)
a. Chest X-ray b. Whole abdominal ultrasound	4,000 (Isang beses kada taon)
Renal graft doppler	3,400 (Isang beses kada taon, kung kinakailangan)

7. **Para sa Living Donor Monitoring**

Serbisyo	Halaga (PHP)
a. Creatinine b. Urinalysis Kung kinakailangan: ● Fasting blood sugar (FBS) ● Random urine total protein: creatinine ratio o random urine	1,900 kada anim (6) na buwan (3,800 kada taon)

	albumin: creatinine ratio
4. Ano ang proseso para magamit ang mga serbisyo sa ilalim ng Z Benefits Package para sa Post-Kidney Transplantation services sa mga bata?	Upang magamit ng pasyente ang benepisyong ito, ang contracted health facility ang siyang mangangasiwa ng pagproseso ng mga kaukulang dokumento na isusumite sa PhilHealth upang aprubahan, tulad ng: Para sa Kidney Transplant Recipients: ● Orihinal na kopya ng Pre-authorization Checklist at Request Form ● Photocopy ng Member Empowerment (ME) Form ● Photocopy ng Treatment Plan Para sa Living Kidney Donors: ● Orihinal na kopya ng Pre-authorization Checklist at Request Form Ang inaprubahang pre-authorization ay may bisa sa loob ng 180 calendar days.
5. May babayaran ba ang isang pasyente sa ilalim ng Z benefits package para sa post-kidney transplantation services sa mga bata o children?	Wala nang dapat bayaran ang isang pasyenteng naka-enroll sa benepiysong ito para sa mga serbisyong nakasaad bilang sakop ng bawat pakete. Kung may mga karagdagang serbisyong ibinigay sa pasyente na hindi sakop ng benepisyo, maaaring maningil ang health facility batay sa napagkasunduang halaga ng copayment. Dapat itong malinaw na naipaliwanag sa pasyente, at ang singil ay alinsunod sa mga probisyon ng kontrata ng pasilidad sa PhilHealth. Bilang patunay ng kanyang pag-unawa sa mga patakaran ng Z Benefits, sa mga posibleng dagdag na bayarin, at sa kanyang mga tungkulin bilang pasyente habang ginagamot, ang pasyente ay kailangang pumirma sa Member Empowerment (ME) Form.

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2025-0011
	Title	Z BENEFITS PACKAGE FOR POST - KIDNEY TRANSPLANTATION SERVICES *IN* CHILDREN

6. Sino ang dapat mag-file ng claims sa PhilHealth para sa benepisyo/pakete ng post-KT services para sa adult?	Ang health facility ang responsable sa pagsusumite ng claim ng pasyente sa PhilHealth kasama ang iba pang mga kinakailangang dokumento. Para sa mga pasyenteng naka-enroll sa Z Benefits, direktang ibabawas ng pasilidad ang halaga ng benepisyo mula sa kabuuang bayarin.
7. Ano-ano ang mga requirements o kailangan dalhin sa pagkolekta ng mga post- KT medications o gamot?	Ang benepisyaryo ay kinakailangang personal na magtungo sa contracted health facility kung saan siya naka-enroll upang kunin ang kanyang mga gamot. Kung hindi siya makakadalo nang personal, ang authorized representative ng pasyente ay kinakailangang magsumite sa pasilidad ng mga sumusunod na dokumento para sa pag-claim ng mga gamot: a. Orihinal o certified true copy ng medical certificate, abstract o kaparehong dokumento para sa mga hospitalized na pasyente b. Live video conference sa pasyente c. Recent photograph o litrato ng pasyente hawak ang isang diyaryo o katabi ng telebisyon kung saan nakikita ang petsa dalawang araw bago kolektahin ang gamot o medikasyon.
8. Kailan maaaring ideklara ng isang accredited health facility na lost to follow-up ang isang pasyente?	Dapat subaybayan ng health contracted facility ang kalagayan at kinaroroonan ng mga pasyenteng naka-enrollsa Z Benefits para sa post-kidney transplant. Kung hindi na bumalik ang pasyente sa loob ng 60 arawmula sa itinakdang araw ng konsultasyon, at nagawa na ng pasilidad ang lahat ng paraan para makipag-ugnayan,maaari na itong ideklara bilang “lost to follow-up.” Dapat magsumite ang pasilidad ng notarized sworn declaration sa PhilHealth at ihain ang claim ng pasyente sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng deklarasyon.

	Kung sakaling pumanaw ang pasyente, maaaring magsumite ang pasilidad ng kopya ng death certificate o notarized sworn declaration mula sa awtorisadong ahensya ng gobyerno, kasama ang mga dokumento ng claim. Kailangang isumite ito sa loob ng 60 araw mula nang matanggap ang dokumento.
9. Paano maging isang contracted health facility ang isang pasilidad sa ilalim ng Z Benefits?	Para makasali sa Z Benefits program, kailangang makipag kontrata sa PhilHealth ng isang facility ayon sa mga itinakdang patakaran. Binibigyang prayoridad ang pampublikong pasilidad na may kakayahang magbigay ng kumpletong serbisyo para sa post-kidney transplant ng mga bata, gayundin ang pribadong pasilidad, lalo na sa nabibilang sa Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (GIDAs), kung saan walang pampublikong pasilidad sa lugar. Nakasaad sa kontrata ang halaga na maaaring bayaran ng pasyente, na hindi dapat lalagpas sa benepisyo ng Z Benefits para sa post-kidney transplant services ng mga bata kung sakaling may dagdag bayarin. Maaaring makipag-ugnayan ang pamunuan ng pasilidad sa PhilHealth Regional Office sa lugar para sa mga kinakailangang dokumento at karagdagang impormasyon.